**STATE OF ILLINOIS**
**DEPARTMENT OF HUMAN SERVICES**
**DIVISION OF REHABILITATION SERVICES**

ESTADO NG ILLINOIS
DEPARTMENT OF HUMAN SERVICES (DEPARTAMENTO NG MGA PANTAONG SERBISYO)
DIVISION OF REHABILITATION SERVICES (DIBISYON PARA SA MGA PANGREHABILITASYONG SERBISYO)

## POLYETO NG IMPORMASYON: PAGKAMIT NG SERBISYO NG REHABILITASYONG BOKASYONAL PARA SA MGA TAONG MAY KAPANSANAN

Ang Division of Rehabilitation Services (DRS) ay isang pang-estado at pampederal na programa na may pangunahing layunin na bigyan ng rehabilitasyong bokasyonal (VR) at mga serbisyong panghanapbuhay ang mga taong may kapansanang galing sa iba't-ibang katutubong lahi at pinagmulan. Ang DRS ay isang dibisyon ng Department of Human Services (DHS) sa Estado ng Illinois.

Ang DRS ay nangangakong aalalayan ang mga taong may mga kapansanan para paghandaan, patibayin, panatilihin o pabalikin sa trabaho sa kani-kanilang komunidad. Dahil hindi pinakikinabangan nang husto ng mga taong may kapansanan ang mga serbisyong inaalok nang DRS, lalo na ang mga minoriya, mandayuhan at mga takas, inaabot ng sistema ng VR ng Illinois ang iba't ibang komunidad na ito.

Kapag tama ang uri ng pag-alalay at pagsasanay, ang mga taong may kapansanan sa Illinois ay makakakuha ng mahusay na karera at pagkakataong magtrabaho. Ito ang mga sagot sa madalas na mga katanungan tungkol sa mga makukuhang serbisyo. Basahin ang mga ito para malaman kung kayo o isang taong kilala ninyo ay kwalipikdado.

### ? MGA MADALAS NA KATANUNGAN ?

1. **ANO ANG ISANG "TAONG MAY KAPANSANAN"?** Ang may kapansanan ay isang taong may pangkatawan o pangkaisipang limitasyon na nagpapahirap sa taong iyon na magtrabaho. Halimbawa, ang isang tao ay maaaring may kapansanan kapag siya ay:
   - Bingi o lubos na nahihirapang makarinig
   - Bulag o lubos na nahihirapang makakita kahit na may suot na salamin
   - Lubos na nahihirapang magtuon ng pansin, makaalala ng mga bagay o gumawa ng pasya
   - Nahihirapang magbihis o maligo
   - Nahihirapang gawin nang mag-isa ang mga pang-araw-araw na gawain, tulad ng pumunta sa klinika ng doktor o pamimili sa tindahan.
   - Nahihirapang lumipat mula isang lugar patungo sa iba o paggalaw ng katawan sa iba't-ibang posisyon (halimbawa, paglakad, pag-akyat, pagluhod, pag-upo, at pagtayo)
   - Lubhang nahihirapang magpakita ng wastong kilos o kanais- nais na ugali sa lugar ng pinagtatrabahuhan.

2. **NARARAPAT BA AKO (O ISANG TAONG KILALA KO) PARA SA MGA SERBISYO NG VR?** Gawain ng angkop na tauhan ng VR ang tukuyin kung kayo o inyong kakilala ay may kapansanan at nararapat na tumanggap ng mga serbisyo mula sa DRS upang makakuha ng trabaho o manatili sa trabaho. Ang aplikante ay dapat may karampatang awtorisasyon upang makapag trabaho sa Estados Unidos at sa mga teritoryo nito.

3. **ANONG MGA SERBISYO ANG MAIBIBIGAY SA AKIN NG DRS-VR?** Ang DRS ay nakapagbibigay ng iba't-ibang uri ng mga serbisyo na makatutulong ng inyong pagsasanay sa trabaho, edukasyon, at/o pangangailangan sa trabaho. Kabilang sa mga suportang ito ay ang: Bokasyonal na Pagpapayo at Pagpapatnubay, Pagsangguni sa mga Angkop na Tagapagbigay sa Komunidad, Pagsasanay sa Trabaho at Paglalagay sa Puwesto, Pangmatagalang Suporta sa Trabaho (halimbawa, pansariling akses sa isang

tagapag-alaga o isang tagasanay sa trabaho), Akses sa Nakatutulong na Teknolohiya o Kaugnay na Komunikasyon, at Akses sa mga Nagbabagong serbisyo at mapagpipiliang Pagsasanay sa Kolehiyo.

4. **PAANO AKO MAG-AAPLAY?** Maaari kayong humiling ng mga serbisyo ng VR sa pamamagitan ng online, telepono, fax o pagtungo sa opisina sa inyong lugar. Maaari kayong mag-aplay online sa **drs.illinois.gov/apply**. Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa pinakamalapit na opisina ng DRS sa (800) 843-6154 (Ingles o Espanyol) o sa iba't-ibang agensiya sa komunidad upang kayo ay maalalayan gamit ang inyong sariling wika. Marami pa kayong makukuha na impormasyon tungkol sa mga serbisyo na ibinibigay ng DRS sa: **drs.illinois.gov**

5. **KAILANGAN KO BANG MAGBAYAD PARA SA MGA SERBISYO NG VR?** Ang ilan sa mga serbisyo na ibinibigay ng DRS ay batay sa inyong sahod. Kung may kinakailangang bayaran, kakausapin kayo ng inyong tagapagpayo at ipaliliwanag niya sa inyo ang gagastusin dito. Maraming mga serbisyo ang walang bayad.

6. **PAANO KUNG HINDI AKO MAKAPAGSASALITA NG INGLES?** Kung kailangan ninyo ng tulong sa wika, mangyaring sabihin sa inyong tagapagpayo mula sa VR upang matulungan nila kayo sa inyong mga pangangailangan sa wika at kultura.

*Mukhang interesante. Paano ako magsisimula?*

*Kapag nakipagkita kayo sa inyong tagapagpayo mula sa VR sa unang pagkakataon, mangyaring dalhin ang lahat ng maaari sa mga sumusunod:*

**<u>SA LAHAT NG APLIKANTE</u>**

✓ Tarheta ng Medicaid at/o Medicare
✓ Liham ng Pagkaloob ng Social Security
✓ Listahan ng inyong mga nakaraang trabaho at anumang mga titulo o sertipikong nakamit ninyo
✓ Lahat ng makukuhang kasalukuyang impormasyong medikal tungkol sa inyong kondisyon. Dapat malinaw at nababasa ang sulat mula sa isang doktor, lisensyadong terapist o psikologo na nagpapahayag ng:

- Dayagnosis/Prognosis
- Mga sintomas, kabilang ang anumang masamang epekto mula sa mga gamot
- Plano ng paggamot, kabilang ang listahan ng mga gamot
- Pahintulot na magtrabaho, kabilang ang anumang mga pagbabawal o kaluwagan
- Pangalan, tirahan at telepono ng doktor na nagbibigay ng sulat

**Listahan ng mga Samahang Pangkultura**

| **Pangalan ng mga Samahan** | **Mga Detalye Ukol sa Taong Namamahala** | **Wikang Kaalaman** |
|---|---|---|
| **Arab American Family Services**<br>**Serbisyong Pampamilya ng Arabo Amerikano**<br>9044 S Octavia Ave, Bridgeview, IL 60455<br>Telepono: (708) 599-2237 Fax: (708) 599-8299<br>Website: www.arabamericanfamilyservices.org | Itedal Shalabi, Tagapangasiwa (Executive Director)<br>e-mail: itedals@yahoo.com<br>Telepono: (708) 599-2237 Ext 31 | Arabic |
| **Asian Human Services**<br>***Serbisyong Pantao ng Asia***<br>4753 N Broadway St, Suite 700, Chicago IL 60640<br>Telepono: (773) 728-2235, Fax: (773) 561-1396<br>Website: www.ahschicago.org | Jing Zhang, Tagapangasiwa ng mga Programang Pangkalusugan ng Komunidad (Director of Community Health Programs)<br>e-mail: jzhang@ahschicago.org<br>Telepono: (773) 293-8460 | Mahigit na 28 wika (katulad ng Chinese, Hindi, Hmong, Khmer, Lao, Thai at Urdu) |
| **Cambodian Association of Illinois**<br>***Samahan ng Cambodian sa Illinois***<br>2831 W Lawrence Ave, Chicago, IL 60625<br>Telepono: (773) 878-7090, Fax: (773) 878-5299<br>Website: www.cai.maaillinois.org | Kathy Reun, Tagapag-ugnay hinggil sa Imigrasyon at Pamilya (Immigration & Family Resources Coordinator)<br>e-mail: kathy@cambodian-association.org<br>Telepono: (773) 878-7090 Ext 205 | Khmer |
| **Chinese American Service League (CASL)**<br>***Liga Pangserbisyo ng Chinese Amerikano***<br>2141 S Tan Court, Chicago, IL 60616<br>Telepono: (312) 791-0418 Fax: (312) 791-0509<br>Website: www.caslservice.org | Ivy Siu, Tagapamahala ng Kagawaran para sa Paglilingkod sa Pamilya at Komunidad (Family & Community Services Department Manager)<br>e-mail: ivy_siu@caslservice.org<br>Telepono: (312) 791-0418 Ext 2202 | Chinese-Cantonese at Mandarin |
| **Chinese Mutual Aid Association**<br>***Samahan ng Alalay sa Kapwa Chinese***<br>1016 W Argyle St Chicago, IL 60640<br>Telepono: (773) 784-2900 Fax: (773) 784-2984<br>Website: www.chinesemutualaid.org | Jamie Taradash, Tagapagsulong ng Proyekto at Serbisyo para sa Rehabilitasyon (Rehabilitation Services Project Developer)<br>e-mail: jamiet@chinesemutualaid.org<br>Telepono: (773) 784-2900 Ext 110 | Mahigit na 28 wika (katulad ng Bosnian, Burmese, Cantonese/Mandarin, Nepalese at Vietnamese) |
| **Indo-American Center**<br>**Lugar para sa Indo-Amerikano**<br>6328 N California Ave, Chicago, IL 60659<br>Telepono: (773) 973-4444 Fax: (773) 973-0157<br>Website: www.indoamerican.org | Sunitha Doma, Tagapag-ugnay para sa Kabutihan ng Publiko (Public Benefits Coordinator)<br>e-mail: sdoma@indoamerican.org<br>Telepono: (773) 973-4444 Ext 109 | Bengali, Gujarati, Hindi, Punjabi at Urdu |
| **Korean American Community Services**<br>***Serbisyo sa Komunidad ng Koreano Amerikano***<br>4300 N California Ave, Chicago, IL 60618<br>Telepono: (773) 583-5501 Fax: (773) 583-7009<br>Website: www.kacschicago.org | Mi Young Seo, Tagapangasiwa ng Serbisyo para sa Nakakatanda at para sa Kabutihan ng Publiko (Director of Senior Services & Public Benefits)<br>e-mail:mseo@kacschicago.org<br>Telepono: (773) 583-5501 Ext 160 | Korean at Espanyol |

| | | |
|---|---|---|
| **Lao American Community Services**<br>***Serbisyo sa Komunidad ng Lao Amerikano***<br>4750 N Sheridan Rd. #369, Chicago, IL 60640<br>Telepono: (773) 271-0004 Fax: (773) 271-1682<br>Website: www.lacschicago.org | Thavone Nyatso, Tagapangasiwa (Executive Director)<br>e-mail: info@lacschicago.org<br>Telepono: (773) 271-0004 | Lao at Thai |
| **Muslim Women Resource Center**<br>***Sentro para sa Kayamanan ng mga Babaeng Muslim***<br>6445 N Western Ave, #301, Chicago, IL 60659<br>Telepono: (773) 764-1686 Fax: (773) 764-6753<br>Website: www.mwrcnfp.org | Sima Quraishi, Tagapangasiwa (Executive Director)<br>e-mail: sima@mwrcnfp.org<br>Telepono: (773) 764-1686 | Urdu |
| **Nepali American Center**<br>***Sentro ng Nepali Amerikano***<br>6 E Jerry St, Mount Prospect, IL 60056<br>Telepono: (773) 800-1622<br>Website: www.nepaliamericancenter.org | Ankur Sharma, Kalihim Pangkalahatan (General Secretary)<br>e-mail: info@nepaliamericancenter.org<br>Telepono: (773) 800-1622 | Nepalese at iba't-iba pang wikang tribu sa Nepal |
| **United African Organization**<br>***Samahan ng Nagkakaisang Aprikano***<br>3424 S State St, #3C8-2, Chicago, IL 60616<br>Telepono: (312) 949-9980 Fax: (312) 949-9981<br>Website: www.uniteafricans.org | Nancy Asirifi-Otchere, Tagapag-ugnay ng mga Programa (Program Coordinator)<br>e-mail: Nancy.asifiri-otchere@uniteafricans.org<br>Telepono: (312) 949-9980 | French, Somali at lahat ng wika ng mga Aprikano |
| **Vietnamese Association of Illinois**<br>***Samahan ng Vietnamese sa Illinois***<br>5110 N Broadway St, 2nd Floor, Chicago, IL 60640<br>Telepono: (773) 728-3700 Fax: (773) 728-0497<br>Website: www.hnvi.org | Van Duong, Tagapamahala ng Programa para sa Kalusugan ng Komunidad (Healthcare & Community Program Manager)<br>e-mail: vlduong@yahoo.com<br>Telepono: (773) 728-3700 | Vietnamese |